# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, bandang 10:15 ng umaga, noong Hulyo 4, 2022, nagpaputok ang isang mamamaril na nagtatago sa bubungan sa parada ng Araw ng Kalayaan sa Highland Park, Lake County, Illinois, na ikinamatay ng anim na tao, hindi bababa sa 30 katao ang nasugatan, at naging sanhi ng daan-daang nagsipanakbuhan dahil sa takot upang makapagtago; at,

**SAPAGKAT**, mahigit 100 opisyal ng pagpapatupad ng batas ang tumungo sa mga putok ng baril, na nagprotekta at nagligtas sa mga tao, at agad na nagsimulang maghanap sa pinaghihinalaang bumaril; at,

**SAPAGKAT**, pagkatapos ng pinagsama-samang pagsisikap ng Departamento ng Pulisya ng Highland Park, mga departamento ng pulisya mula sa mga nakapaligid na komunidad, Illinois State Police at pederal na tagapagpatupad ng batas, hinuli ng pulisya ang suspek sa gabi ng Hulyo 4, 2022, at ang mass shooting ay nananatiling nasa ilalim ng imbestigasyon; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pamilya ng pitong nasawing biktima ay nanlulumo dahil sa pagkawala ng mga ito at higit sa dalawang dosenang mga indibidwal ay nahihirapang makabangon sa kakila-kilabot na pinsala; at,

**SAPAGKAT**, marami sa mga dumalo sa parada – kabilang ang mga bata, magulang at mga lolo't lola – at marami sa mga nakatira sa Highland Park at mga nakapaligid na komunidad ang na-trauma sa kasamaan na pumutol sa isang mapayapang pagdiriwang ng Estados Unidos ng Amerika; at,

**SAPAGKAT**, nagpapatuloy ang mga pagsisikap na ipagpatuloy ang nagkakaisang pagtugon sa lokal na pangmatagalang transisyon sa pagbangon mula sa pinakahuling mass shooting na ito sa Amerika, at ang proseso ng pagpapagaling sa trauma na dulot ng kalunos-lunos na kaganapang ito ay nangangailangan ng makabuluhang oras at rekurso; at,

**SAPAGKAT**, ang Red Cross ng Amerika, Kagawaran ng Serbisyong Pantao ng Illinois, at Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois ay nagbibigay ng counseling sa kalusugang mental at iba pang suporta sa mga biktima, kanilang mga mahal sa buhay, at sa mga tumakas mula sa karahasan sa parada, gayundin sa iba pang naapektuhan ng marahas na insidenteng ito; at,

**SAPAGKAT**, maraming iba pang ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan, mga boluntaryong organisasyon, at mga organisasyong naka-base sa komunidad ang patuloy na tumutulong sa mga proseso ng pagbangon at pagpapagaling; at,

**SAPAGKAT**, tinutulungan ng Business Recovery Center ang mga lokal na negosyo sa pagbangon pagkatapos dumanas ng pinansyal na pagkawala ang mga negosyo o empleyado; at,

**SAPAGKAT**, batay sa mga nabanggit na katotohanan, ang kasalukuyang mga pangyayari sa Lake County, kabilang ang pagkawala ng buhay at pinsala sa maraming indibidwal, ay bumubuo ng

isang patuloy na sakuna gaya ng nakasaad sa Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act; at,

**SAPAGKAT**, patakaran ng Estado ng Illinois na magiging handa ang Estado sa pagtugon sa anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at angkop na magbahagi ng mga karagdagang rekurso ng Estado para matiyak na manatiling ligtas at panatag ang mga taga-Illinois; at,

**SAPAGKAT**, may legal na batayan ang mga kondisyong ito sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa pagpapalabas ng isang proklamasyon ng sakuna; at

**SAPAGKAT**, nakasaad sa Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8 na "taglay ng Gobernador ang pinakamataas na kapangyarihang tagapagpaganap, at pananagutan niya ang tapat na pagpapatupad ng mga batas," at ipinahahayag, sa Preamble, na isang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ang "paglaan para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao";

**DAHIL DITO**, sa interes na matulungan ang mga mamamayan ng Illinois at ang mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak ng pampublikong kalusugan, kaligtasan, at kapakanan, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay ipinahahayag ang sumusunod:

**Seksyon 1**. Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, pinatutunayan kong may sakuna sa Estado ng Illinois at partikular na idinedeklara ang Lake County bilang lugar ng sakuna. Pinahihintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng kapangyarihang pang-emerhensiya alinsunod sa Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

**Seksyon 2**. Inaatasan ang Illinois Emergency Management Agency na ipatupad ang State Emergency Operations Plan para maisaayos ang mga rekurso ng Estado para matulungan ang mga lokal na pamahalaan sa mga operasyon sa pagtugon at pagbangon mula sa sakuna.

**Seksyon 3**. Para makatulong sa mga pagbili ng mga kinakailangan sa pagtugon sa emerhensiya at iba pang kapangyarihang pang-emerhensiya sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code na sa anumang paraan ay pipigil, hahadlang o mag-aantala sa kinakailangang aksyon sa pagharap sa sakuna ay sinususpinde hanggang hindi ito hinihingi ng pederal na batas. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring magsagawa ng angkop na ehekutibong aksyon na nagsusupinde sa mga karagdagang batas, kautusan, tuntunin, at regulasyon.

**Seksyon 4.** Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(3), pinagagana ng proklamasyong ito ang awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, na ilipat ang direksyon, tauhan o tungkulin ng mga departamento at ahensiya ng Estado o mga yunit nito para maisagawa o mapadali ang mga programa sa pagtugon sa emerhensiya.

**Seksyon 5**. Ang lahat ng ahensiya ng Estado ay inaatasang makipagtulungan sa Gobernador, ibang mga ahensiya ng Estado at lokal na awtoridad sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano para sa pagtugon at pagbangon mula sa mga epekto ng kasalukuyang sakuna.

**Seksyon 6**. Mapapabilis ng proklamasyong ito ang kahilingan sa pederal na tulong pang-emerhensiya at/o pangsakuna kung ipapahiwatig sa kompleto at komprehensibong pagtatasa ng pinsala na hindi kakayanin ng Estado at mga apektadong lokal na pamahalaan ang epektibong pagbangon.

**Seksyon 7**. Ang proklamasyong ito ay kaagad na ipatutupad at mananatiling may bisa sa loob ng 30 araw.

**Bilang Patunay sa Lahat ng Ito**, *lumalagda ako at itinatatak ko ang Dakilang Selyo ng Estado ng Illinois.*

*Isinagawa sa Kapitolyo sa Lungsod ng Springfield, sa ika-3 ng Agosto, sa Taon ng Ating Panginoon, dalawang libo at dalawampu't dalawa, at ng Estado ng Illinois dalawang daan at pang-apat.*

KALIHIM NG ESTADO

GOBERNADOR